


# MALAY

TOMO XXXI BLG. 1 • DISYEMBRE 2018

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan na lamang po kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2018 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp
http://www.ejournals.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Efren Isorena
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Bievenido Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

# Mga Nilalaman


**Mula sa Editor** vii

*Florentino T. Timbreza*
*Rowell D. Madula*

**Mga Natatanging Lathalain**

Ang Jorno sa Gabi: Karanasan ng mga TV Field Reporter sa Pagkalap ng Balita sa Dilim ng Maynila / 1

*Night Beat TV Field Reporters: Experiences of News Coverage in Manila*

Michael C. Delos Santos

Politika at Panitikan sa Pananaw ni F. Sionil Jose: Isang Pakikipanayam / 16

*Politics and Literature from the Point of View of F. Sionil Jose: An Interview*

Joshua Mariz B. Felicilda
Feorillo Petronilo A. Demeterio III

Oligarkiya ng Komprador-Patriyarkong Piyudalismo at Simbolikong Transpormasyon ng Diwa sa Ilalim ng Imperyalismong Amerikano: Mapagpalayang Sipat sa Nobelang PINAGLAHUAN ni Faustino Aguilar / 29

*Oligarchy of Comprador-Patriarchal Feudalism and the Symbolic Transformation of the Spirit Under the Rule of U.S. Imperialism: An Emancipatory Critique of the Novel PINAGLAHUAN by Faustino*

E. San Juan, Jr.

Unawa – Mula Pag-iisa tungo sa Pakikiisa sa Kapwa: Ang Pag-iisip sa Panahon, Pag-asa, at Pagtanda / 40

*Unawa/Understanding – from 'Separate-ness' to Shared Inner Self: Thoughts about Periods, Hope, and Ageing*

Roberto E. Javier, Jr.

An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan / 55

*The Poems of Samarnons and Leytenhons: Its Identity, History, Issues, and Situation at Present*

Ian Mark P. Nibalvos

Politikal na Pinoy Meme Bílang Sisteng Kontra-Gahum ng Lipunang Pilipino sa Eleksiyon / 68

*Political Pinoy Meme as Counter Power System of Filipino Society in Election*

Karen Y. Ramos

Ang Polisiya ng Hukbong Kasundaluhan ng Estados Unidos Ukol sa Pagkilála sa Yunit ng mga Gerilya sa Pilipinas: Ang Kaso ng Lalawigan ng Tayabas, 1942-1948 / 83
*The Policy of the United States Army on the Recognition of Guerilla Unit in the Philippines: The Case of the Province of Tayabas, 1942-1948*
Gilbert E. Macarandang

KabULOhan: Paggamit ng Pag-uulo ng Balita sa Paglalagom / 101
*KabULOhan: The Use of Headlining in Summarizing*
Marie Kristel B. Corpin at Voltaire M. Villanueva

Leksikong Kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang Analisis/ 111
*Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis*
William S. Augusto, Jr.

**Mga Kontribyutor** 121

**Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay** 124

# Mula sa Editor

Nahaharap sa malaking hámon ang wikang Filipino. Sa gitna ng mga pagbabago sa sistema ng edukasyon sa bansa nitong nakalipas na dekada, tila unti-unting lumiliit o tuluyan pang nawawala ang espasyo ng wikang Filipino sa mundo ng akademya, lalo na sa antas ng lalong mataas na edukasyon. Makaraan ang implementasyon ng K-12 at pagdaragdag ng senior high school sa sekundaryang antas, nagkaroon ng mga pagbabago sa General Education Curriculum ang mga pamantasan.

Sa inilabas na CHED CMO 20, S.2013, inilalatag ang core courses na iiimplementa sa mga pamantasan sa buong bansa. Kapansin-pansin dito ang pagkawala ng mga kursong nagbibigay-tuon sa Filipino at Panitikan bilang coure courses. Bagama't sinasabi ng Commision on Higher Education na maaari namang magdagdag ang mga pamantasan ng mga kursong Filipino at Panitikan dahil sa kasalukuyang katangian sistema ng edukasyon, walang garantiya ang paglalaan ng mga pamantasan ng mga kursong ito sa kanilang kurikulum.

Bakit nga ba kailangan ang kursong Filipino sa kolehiyo? Sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, mahalaga na magamit ang wikang ito sa iba't ibang disiplina at larang. Mula inhenyeriya, medisina, agham, teknolohiya, batas, pamamahala, at iba pa, may pangangailangang matalakay ang diskursong ito sa wikang Filipino. Gayundin, sa isang bansang may mahabang kasaysayan ng pagkasakop at patuloy na pagsasakasaysayan ng pagsasamántalá at pakikibaka, ang pag-aaral ng wika, kaakuhan, panitikan, lipunan, kultura, at iba pang may kinalaman sa pagka-Pilipino, napakahalaga ang diskursong ito sa antas kolehiyo.

Ang MALAY, bilang natatanging journal na naglalathala ng mga papel pananaliksik sa iba't ibang disiplina't larang sa Araling Filipino, ay naniniwala sa pangangailangang magkaroon ng mga kurso sa Filipino at Panitikan sa antas kolehiyo. Makikita sa mga artikulo sa isyung ito ang malaking potensiyal at kakayahan ng wikang Filipino na magamit sa mas mataas na antas, sa mga gawaing pampananaliksik, sa mga pagdalumat, at pagdidiskurso.

May ilang pag-aaral nang naisagawa ukol sa pamamahayag, subalit kakaunti pa lamang ang tungkol sa kanilang karanasan sa paggampan ng trabaho. Sa papel ni **Michael Delos Santos**, kaniyang inilahad ang mga karanasan at hámong kinakaharap ng mga mamamahayag lalo na sa gabi at sa panahon pa ng malawakang kampanya kontra-droga ng administrasyong Duterte. Ang kaniyang mahusay na paglalapat ng konsepto ng "loob" ni Alejo ay nakatulong sa pag-unawa sa mga isyung panlipunang tulad ng seguridad, kalayaan sa pamamahayag, at pagpapahalaga sa buhay ng bawat Pilipino.

Ang mga Pambansang Alagad ng Sining ay kinikilála hindi lámang sa kanilang kahusayan sa kanilang larang kundi maging sa kanilang kontribusyon sa lipunang Pilipino. Sa isinagawang panayam nina **Feorillo Petronilo Demeterio at Joshua Mariz Felicilda** kay Francisco Sionil Jose, higit na nabigyang-linaw ang kaniyang mga pananaw sa iba't ibang isyu sa kasaysayan at lipunang Pilipino tulad ng panunungkulan ni Pangulong Rodrigo Duterte, ang base militar ng Amerika sa bansa, sa komunismo, at iba pa. Nabigyan din ng puwang ang mayamang karanasan ni F. Sionil Jose mula sa panahon ng digmaan hanggang sa Batas Militar. Sa hulí, ang paglalahad ng mga kabatiran mula sa panayam nina Demeterio at Felicilda ay naglatag ng pampolitikang tindig nito sa mga isyu sa lipunan.

Gamit ang Marxistang lente sa pagbása ng nobelang Tagalog ni Faustino Aguilar, ipinakita ni **E. San Juan Jr.** ang mga tema ng kontradiksiyon sa kasaysayan at lipunang PFilipino. Bagama't may kalumaan na ang nobelang *Pinaglahuan,* mahalaga pa rin ang pagsusuri ng mga ganitong akda sa pagsasakonteksto sa mga estilo at paksa

ng mga nobela noon at ngayon. Gayundin, dahil sa malinaw na pagbabalik-aral sa kasaysayan na isinagawa ni San Juan, higit na mauunawaan ang diyalektikong banghay na isa sa matitingkad na katangian ng nobelang ito. Sa hulí, muling ipinaalala sa atin ni San Juan na ang praktika ng pagbása't pagsurti sa nobela ay siya ring pagsasapraktika ng mga tema't ideyang nakapaloob sa mismong likhang-sining.

Ang multi at interdisiplinaring pagtalakay naman ni **Roberto Javier** ay nakapagbibigay-ambag sa disiplina ng sikolohiya, kasaysayan, wika, at pilosopiya. Malawak at malalim ang paghihimay na kaniyang isinagawa sa mga katutubong kataga na ibinubunga ng mga karanasan sa pakikipagkapuwa at sa pag-iisip sa panahon, pag-asa, at pagtanda. Mahalagang batayang papel ang pag-aaral na ito ni Javier sa pagsasagawa ng leksikal at semantikang pagbása ng mga salita upang mabigyang-katuturan ang mga ito sa pag-unawa ng mga karanasan ng tao.

Mahalaga at interesante naman ang pag-aaral ni **Ian Mark Nibalvos** sa kakaunti pa lámang na literatura tungkol sa Samar at Leyte. Sinusuri sa papel na ito ang mga siday o mga tulang Waray ng mga Samarnon at Leytenhon. Inilatag din niya ang kasalukuyang kalagayan at mga isyung kinakaharap ng panulaang Lineyte-Samarnon. Sa kaniyang ginawang pagsusuri, lumitaw na hindi lámang ang kasiningan ng mga akdang ito kundi pati ang identidad at kasaysayan ng mga taga-Samar at Leyte. Mayroon din itong pagdalumat sa paggamit ng terminong Waray bilang pantukoy sa mga tao, wika, at panitikan ng Silangang Bisaya. Sa hulí, ang papel na ito na tumatalakay sa mga akdang rehiyonal ay bahagi ng pagsusulong ng pagbuo ng konsepto ng bayan at bansa.

Napapanahon at inobatibo ang paksang napili sa papel ni **Karen Ramos**, ang Pinoy memes na kumalat sa social media noong panahon ng eleksiyong 2016. Nakapag-aambag ito sa pag-unawa sa iba't ibang paraan ng pagbuo ng Pinoy meme. Sa panahong patuloy pang inuunawa ang lawak ng impluwensiya't kapangyarihan ng social media sa lipunang FPilipino, ang paglalapat ng konsepto ng kontra-gahum sa pagsusuri ng mga meme ay pagpapalutang ng mensahe ng pagtutol, pagsang-ayon, at pagsulong ng kaisipan sa lipunang Filipino.

Makabuluhan naman ang papel ni **Gilbert Macarandang** sa pag-alam sa kasaysayan ng Ikalawang Digmaan sa bansa at gayundin sa lokal na kasaysayan ng Tayabas, Quezon. Mababása sa akdang ito ang mga karakter ng iba't ibang tao sa panahon matapos ang digmaan sa konteksto ng kondisyong panlipunan nito. Ang mga naratibo nito ukol sa mga gerilya at pekeng gerilya ay nakapagbibigay ng leksiyon sa pagsusulong ng mga pagbabagong panlipunang isinusulong ng mga organisasyon sa kasalukuyang panahon.

Interesante naman ang paglalaro sa salitang kabuluhan na ginawang kabULOhan sa artikulo nina **Voltaire Villanueva at Marie Kristel Corpin** na tumatalakay sa pag-uulo ng mga balita. Ayon dito, mahalaga ang kasanayan sa pag-uulo ng mga balita sa pagbubuod ng isang akda o sanaysay. Isa itong ambag sa mga literatura sa pagbása at maging sa pagsulat, lalo pa at pedagohiko ang naging paraan ng pagtalakay ng mga awtor. Sa panahong ito ng pagkalat ng mga pekeng balita sa social media, makapagbibigay-linaw ang papel na ito sa mga mag-aaral at maging guro sa pagsusuri at pagbása ng mga balitang kumakalat sa kasalukuyan.

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni **William Augusto**, sinuri ang leksikong kultural ng wikang Tagalog at wikang Sinugbuanon. Nabatid nito ang mga pagkakatulad ng dalawang mayor na wika sa bansa at nagpapatibay sa mahigpit na ugnayan ng mga wikang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Maaaring sundan ng iba pang mananaliksik sa wika ang naging daloy ng pagtalakay ng papel lalo na kung nais nilang pag-aralan ang iba pang mga wika sa bansa. Importante ang mga ganitong pag-aaral na pangwika upang manatiling buháy ang lahat ng wika sa Pilipinas na maaaring paghanguan ng mga bokabularyong makapagpapayaman sa dinamiko at patuloy na nagbabagong wikang Filipino.

Sa bagong isyung ito ng MALAY, higit na napapatunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bílang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu - si Bb. Joanne Castanares.

**Florentino T. Timbreza, Ph.D.**
**Rowell D. Madula, Ph.D.**